



**NATIONAL COMMISSION FOR CULTURE AND THE ARTS**  
**Philippine Cultural Education Program**

**GAWAD PCEP SA PINAKAMAHUSAY NA VIDEO LESSON NG GURONG  
MAG-AARAL**

Ang GAWAD PCEP SA PINAKAMAHUSAY NA VIDEO LESSON NG GURONG MAG-AARAL ay isang taunang timpalak na naglalayong paigtingin ang pagbatay sa kulturang Filipino sa pagtuturo ng mga asignatura sa batayang edukasyon. Sa Taóng 2023, tutuon ang timpalak sa mga asignaturang Agham at Matematika para sa Baitang 1-10.

1. Ang timpalak ay bukás sa lahat ng gurong mag-aaral (pre-service teachers) na nasa Ikaapat na Taon na kumukuha ng alinman sa sumusunod na mga programa: (a) *Bachelor of Early Childhood Education*, (b) *Bachelor of Elementary Education*, (c) *Bachelor of Special Needs Education*, o (d) *Bachelor of Secondary Education Major in Science/Mathematics* sa anumang unibersidad o kolehiyo sa bansa na akredited ng Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (CHED). Ang kalahok ay dapat nakaenrol sa kasalukuyang Taóng Akademiko.
2. Upang maging kwalipikado sa paglahok, ang gurong mag-aaral ay dapat dumalo sa isasagawang Kongreso ng Gurong Mag-aaral (K-GuMa) 2023 para sa kaniyang *island cluster* sa sumusunod na mga petsa: **Setyembre 16 (Luzon), Setyembre 23 (Visayas), at Setyembre 30 (Mindanao), 2023**. Tatalakayin sa nasabing Kongreso ang mga teorya at praktika ng edukasyong nakabatay sa kultura at magtatanghal ng mga pakitang-turo na epektibong umaangkla sa kulturang Filipino sa pagtuturo ng Agham at Matematika.
3. Pagkatapos dumalo sa Kongreso, bawat kalahok ay dapat magpása ng isang 5-minutong *video lesson* na lumilinig ng isang kompetensi sa asignaturang Agham o Matematika sa isang tiyak na markáhan sa alinmang baitang mula 1-10. Makikita ang MELCs mula sa sumusunod na link <https://www.teacherph.com/melcs/>. Malayang pumili ang kalahok ng anumang MELC na kaniyang lilinangin sa pagtuturo ngunit dapat itong iangkla sa kulturang Filipino.
4. Dapat maipakita sa *video lesson* ang paglinang ng isang kompetensi na nakabatay sa kultura. Maaari itong gawin sa paggamit ng isang estratehiya, kagamitang panturo, paliwanag o anupamang kaparaanang nakabatay sa kulturang Filipino.
5. Ang wikang panturo sa video lesson ay Filipino.
6. Bukod sa *video lesson*, dapat magpása ang mga kalahok ng naka-pdf na balangkas ng aralin na naglalagom sa nilalaman at daloy ng aralin. Tingnan ang kalakip na *template*.
7. Dokumentaryong kahingian din ang mga sumusunod: (a) pormularyo sa paglahok; (b) sertipikadong kopya ng katibayan ng enrolment o pagpapatalâ sa unibersidad o kolehiyo sa kasalukuyang termino; at (c) rekomendasyon mula sa Dekano/Dekana, Tagapangulo ng Departamento o Gurong Tagapagsanay.
8. Ang *video lesson* ay maaaring nasa anyong MP4 o WMV
9. Ang video lesson, balangkas ng aralin, at iba pang dokumentaryong kahingian ay dapat i-upload sa isang Google Drive at tanging ang link ang ipása sa timpalak. Ipasa ang link ng lahod sa pagpuno ng sumusunod na pormularyo: <https://bit.ly/GawadPCEP>

10. Ang dedlayn ng pagpapása ng mga lahok ay sa **Oktubre 31, 2023**.
11. Ihahayag naman ang ang mga nagwagi sa Diwang: Sagisag Kultura ng Filipinas sa Disyembre 1, 2023.
12. Pipili ng anim na magwawagi sa GAWAD PCEP SA PINAKAMAHUSAY NA VIDEO LESSON NG GURONG MAG-AARAL ay pagkakalooban ng katibayan ng pagkilala at gantimpalang salapi na nagkakahalaga ng Php 5,000.00.
13. Ang sumusunod ang mga batayán sa paghatol:
- Nilalaman – 40%**
- matibay na pag-angkla sa kulturang Filipino sa pagtuturo ng napiling kompetensi
  - pagtatamo ng mga target na layuning pampagkatuto sa itinakdang haba ng *video lesson*
  - pagiging kompleto ng *video lesson* sa itinakdang mga bahagi
  - masinop na dokumentasyon ng mga sangguniang materyal
- Pedagohiya – 30%**
- epektibong paggamit ng estratehiya, kagamitang panturo, atbp. na nakabatay sa kulturang Filipino
  - epektibong paggamit ng estratehiya, kagamitang panturo, atbp. na lilingang ng target na kompetensi
  - epektibong paggamit ng wikang panturo na angkop sa napiling baitang
- Teknikal na Kalidad – 20%**
- kalidad ng imahen at tunog ng *video*
  - kalinisan ng editing ng *video*
  - pagiging malikhain ng presentasyon
  - pagsunod sa takdang haba
- Pansariling Pagpapamalas ng Guro – 10%**
- Kalidad ng pagsasalita (lakas ng boses, damdámin, intonasyon, atbp.)
  - Panuonan ng paningin, ekspresyon ng mukha, tindig, galaw ng katawan, at iba pang katangiang di-berbal
  - Kakayahang ganyakin at panatilihin ang interes ng mga manonood
14. Ang pasya ng lupon ng inampalan ay pangwakas at hindi na maiaapila.
15. Tungkulin ng kalahok na ihingi ng pahintulot ang lahat ng materyal na gagamitin niya sa kaniyang *video lesson*. Mag-isa rin niyang pananagútan kung may indibidwal, organisasyon o ahensiyang magrereklamo sa di-awtorisado niyang paggamit ng materyal na protektado ng karapatang-ari. Ang lahok na *video lesson* ay mananatiling pag-aari ng kalahok ngunit maaaring gamítin ng PCEP para sa mga programa at gawain nito sa pahintulot ng gurong mag-aaral.

Para sa anumang katanungan, mag-email sa [diwangsagisagkultura@gmail.com](mailto:diwangsagisagkultura@gmail.com)